

Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN IV



MODYUL 2

PILIPINAS, PINAGPALA NG INANG KALIKASAN (ISANG PAGTANAW SA PINAGKUKUNAN NG YAMAN)



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City










MODYUL 2
PILIPINAS, PINAGPALA NG INANG KALIKASAN
(ISANG PAGTANAW SA PINAGKUKUNAN NG YAMAN)



Ang Pilipinas ay biniyayaan ng maraming natural na yaman ng inang kalikasan. Ang likas na yamang ito ang pinagkukunan ng mga bagay na pumupuno sa ating pangangailangan at kagustuhan. Dapat itong iproseso at pagyamanin sapagkat matatawag lamang na pinagkukunang-yaman ang mga bagay sa kapaligiran kapag ang mga ito ay nagdudulot ng kapakinabangan at tumutugon sa pangangailangan ng mga mamamayan. Tatalakayin natin sa modyul na ito ang kalagayan ng mga likas na pinagkukunang-yaman ng Pilipinas at kung paano higit na mapapakinabangan ang mga ito na hindi nagdudulot ng walang pakundangang pagsira sa kalikasan.



May pitong tatlong inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Yamang napapalitan at Di-Napapalitan
-  Aralin 2: Ang Yamang Lupa
-  Aralin 3: Ang Yamang Mineral
-  Aralin 4: Ang yamang Tubig
-  Aralin 5: Ang Yamang Tao
-  Aralin 6: Ang Lakas ng Paggawa
-  Aralin 7: Ang yamang Pisikal at Pamumuhunan



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nauuri ang pinagkukunang-yaman ng Pilipinas;
2. Nasusuri ang mga datos at kaisipan na may kaugnayan sa mga likas na pinagkukunang-yaman ng Pilipinas tungo sa matalinong paggamit nito;

3. Natatalakay ang bumubuo sa yamang-tao ng Pilipinas;
4. Nalalaman ang pagkakaiba ng yamang-napapalitan sa yamang di - napapalitan;
5. Nakapagmumungkahi ng iba't- ibang paraan ng pangangalaga sa mga likas na yaman ng bansa;
6. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng balangkas ng populasyon sa ekonomiya ng bansa; at
7. Naitatangi ang mga wastong pagpapahalaga sa paggamit ng pinagkukunang yaman sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas sa konserbasyon, kapaligiran at likas-kayang paggamit (sustainable use)

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot..

1. Sa produksyon ng mamahaling metal sa bansa, pinakamalaki ang
 - A. Pilak
 - B. Ginto.
 - C. Chromite
 - D. Copper

2. Nadaragdagan ang kita ng pamahalaan mula sa industriya ng pagmimina sa pamamagitan ng:
 - A. Pangungutang ng pamahalaan sa industriya ng pagmimina.
 - B. Pagbabayad ng buwis mula sa industriya ng pagmimina sa pamahalaan.
 - C. Pagpapautang ng mga bangko sa industriya ng pagmimina.
 - D. Pagbebenta ng industriya ng pagmimina sa lokal na pamilihan.

3. Nagpapasok ng dolyar sa bansa ang industriya ng pagmimina sa pamamagitan ng:
 - A. pag-aangkat ng mineral sa ibang bansa
 - B. pagbebenta ng mineral sa lokal na pamilihan
 - C. pagbili ng langis sa mga bansang kasapi sa OPEC
 - D. pagluluwas ng mineral sa ibang bansa

4. Sa produksyon ng mineral na di-metaliko, pinakamalaki ang
 - A. Asin.
 - B. Uling.
 - C. Buhanging Silika.
 - D. Buhaging Graba.

5. Pinakamahalga ang mineral na ito bilang mineral na panggatong sa ating bansa:
 - A. Uranium
 - B. Plutonium
 - C. Langis
 - D. Uling

6. Anong rehiyon sa Pilipinas ang may pinakamalaking populasyon noong taong 2000 ayon sa NSO?.

- A. NCR
- B. Timog Katagalugan
- C. Gitnang Luzon
- D. Kanlurang Visayas.

7. Ito ay tumutukoy sa pagbuo ng mga panibagong estruktura, planta at kagamitan na pumapalit sa mga lumang estruktura na nawalan na ng pakinabang.

- A. Pamumuhunan
- B. Depresasyon
- C. Mineral
- D. Densid

8. Ang normal at unti-unting pagkaluma at pagkasira ng yamang pisikal na nagiging dahilan upang bumaba ang naibibigay nitong pakinabang

- A. Pamumuhunan
- B. Depresasyon
- C. Implasyon
- D. Depresyon

9. Ito ay bimubuo ng mga taong may edad 15 taon-pataas na bahagi ng produksyon ng mga kalakal at paglilingkod

- A. Antas ng may trabaho
- B. Antas ng lakas paggawa
- C. Entrepreneur
- D. Hukbong paggawa

10. Ito ay nagpapakita ng kapal ng tao sa bawat kilometro kwadrado

- A. Populasyon.
- B. Densidad ng Populasyon.
- C. Hukbong paggawa.
- D. Mamamayan

11. Aling Rehiyon sa Pilipinas ang may pinakamataas na densidad na 15,864 ayon sa NSO noong taong 2000?

- A. Gitnang Luzon.
- B. Lambak ng Cagayan
- C. Timog Katagalugan
- D. NCR

12. Alin ang hindi suliraning pangkabuhayan?

- A. Kakapusan ng kagamitan.
- B. Depresasyon ng Makinarya
- C. Pagkasira ng pinagkukunang yaman

- D. Pagdami ng mamumuhunan
13. Ano ang pangunahing pakinabang ng mga Pilipino sa yamang tubig ng bansa?
- A. Pinagkukunan ng enerhiya.
 - B. Turismo
 - C. Transportasyon
 - D. Pangingisda
14. Ang pinakamalaking bahagi ng yamang lupa ng Pilipinas ay klasipikado bilang:
- A. Agrikultural
 - B. Kagubatan
 - C. Industriyal
 - D. Residensyal
15. Ang responsible sa pagsasama-sama ng mga salik ng produksyon
- A. Manggagawa
 - B. Pamumuhunan
 - C. Entrepreneur
 - D. Lider ng Gobyerno
16. Ito ang itinuturong dahilan ng napakalaking pinsala ng bagyong Winnie at Yoyong noong taong 2004 sa probinsya ng Quezon
- A. Kaingin
 - B. Pagmimina
 - C. Iligal na pagtrotroso
 - D. Kakulangan ng kagamitang pansagip buhay
17. Ito ay isang halimbawa ng yamang di napapalitan
- A. Kagubatan
 - B. Yamang tubig
 - C. Yamang mineral
 - D. Yamang pisikal
18. Kailan hindi magiging pabigat sa ekonomiya ang paglobo ng populasyon?
- A. Kapag produktibo ang karamihan
 - B. Kapag may magandang serbisyong panlipunan
 - C. Kapag may magaling na namumuno

D. Kapag maraming nangingibang bansa

19. Ito ang dahilan ng atubiling pamumuhunan sa ating bansa

- A. Ang paglobo ng populasyon
- B. Ang pagtaas ng produktibidad
- C. Ang paglala ng kalagayang pangkatahimikan
- D. Ang pagtaas ng dolyar

20. Ito ang pinakamurang pinagkukunan ng enerhiya sa ating bansa

- A. Geothermal
- B. Langis at gas
- C. Uling
- D. Tubig

ARALIN 1

YAMANG NAPAPALITAN AT DI- NAPAPALITAN



Susuriin sa araling ito ang iba't- ibang uri ng yamang napapalitan at di-napapalitan. Matututunan mong may mga yamang dapat tipirin at gamitin ng wasto higit sa iba sapagkat kapag ito ay naubos ay dina mapapalitan. Matatanto mo rin ang kahalagahan ng pagtatabi ng iba pang yaman para sa susunod na henerasyon upang sila'y may magamit din. Sa huli, mababalangkas mo ang iba't- ibang pamamaraan ng wastong paggamit at mabilis na pagpapalit sa mga yamang napapalitan.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Nalalaman ang pagkakaiba ng yamang napapalitan at di napapalitan;
2. Natutukoy ang iba't ibang uri ng yamang napapalitan at di-napapalitan;
3. Nakapagbibigay ng datos sa yamang napapalitan at di-napapalitan; at
4. Nakapagmumungkahi ng wastong pamamaraan sa paggamit ng yamang di-napapalitan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang yamang napapalitan at ekis(X) ang yamang di-napapalitan.

_____ 1. Makinarya

_____ 6. Coral Reefs

_____ 2. Alagang hayop

_____ 7. Iron Ore

_____ 3. Langis

_____ 8. Populasyon

_____ 4. Diamante

_____ 9. Chromite

_____ 5. Punong-kahoy

_____ 10. Kapital

B. Panuto: Kantahin ang bahagi ng awit ng grupong asin hingil sa kapaligiran at sagutin ang mga sumusunod na katanungan

Kapaligiran

Wala ka bang napapansin sa iyong kapaligiran?

Kay dumi na ng hangin, pati na rin ilog natin.

Hindi na masama ang pag-unlad at malayo layo na rin ang ating narating

Ngunit masdan mo ang tubig sa dagat dati'y kulay asul ngayoy naging itim

Ang mga batang ngayon lang isinilang, mayhangin pa kayang matitikman, may mga

puno pa kaya silang aakyat, may mga ilog pa kayang lalanguyan?

Lahat ng bagay na narito sa lupa biyayang galing sa Diyos kahit noong ika'y wala pa.

Pagkaingatan natin at wag nang sirain pa pagkat pag kanyang binawi tayo'y mawawala

na. Ang mga dumi nating ikinalat sa hangin sa langit wag na nating paabutin upang

kung tayo'y pumanaw man sariwang hangin sa langit natin matitikman

1. Ano ang mensahi ng kanta? _____

2. Kailangan bang sirain ang kapaligiran upang umunlad? Bakit? Bakit Hindi? _____

3. Paano natin masisiguro na ang mga batang ngayon lang isinilang ay may yaman pang matitikman? _____



Ang likas na yaman ay maaaring hatiin sa dalawa, **ang yamang napapalitan** at **yamang di-napapalitan**. Kapag naunawaan mo ang pagkakaiba ng dalawang ito, higit mong mapahalagahan ang matalinong paggamit ng mga likas na yaman.

- **Yamang napapalitan** – mga yamang likas na agad napapalitan matapos gamitin sa madaling panahon.
- **Yamang di-napapalitan** – mga yamang likas na matapos magamit ay hindi agad mapapalitan sa madaling panahon.

Ang ating bansa ay mayaman sa mga likas na yamang napapalitan kagaya ng mga lamang gubat, lamang dagat, iba't ibang uri ng hayop, mga yamang pisikal at kung ano pang mapagkukunan ng yaman. May taglay din itong iba't ibang mineral na hindi napapalitan. Dito sa likas na yamang ito kinukuha natin ang mga materyales upang lumikha ang mga pagawaan ng mga produktong nakakatugon sa ating mga pangangailangan at kagustuhan. Ang iba namang materyales ay inaangkat ng ibang bansa upang gawing mga produkto na makakatugon sa pangangailangan ng

pandaigdigang pamilihan. Samantalang ang likas na kagandahan ng bansa ay nakapangaakit din ng mga local at dayuhang turista na nakapagbibigay trabaho sa iba nating mamamayan. Ang yamang tao naman ay kilala sa kahusayan at kasipagan sa paggawa.

Ang kagubatan na mabilis na nakakalbo dahil sa pagkakaingin at ilegal na pagtrotroso ay mapapangalagan sa pamamagitan na pagsasagawa ng malawakang programang reporestrasyon o pagtatanim ng mga puno at pagpapatigil sa walang habas na pagkakaingin at pagputol ng kahoy.

Ang karagatan naman ay mapangangalagaan sa pamamagitan ng di pagganit na dinamita, lason at maliliit na lambat sa pangingsda. Makakatulong din ang pagtatayo ng mga “marine sanctuary at pagbuo ng bantay dagat upang mapangalagaan ang karagatan sa mga ilegal na pangingsda ng mga local at dayuhang mangingsda. Higit sa lahat kailangang iwasan ang polusyon na pumapatay sa ating karagatan at iba pang yamang tubig tulad ng mga sapa, at mga ilog.

Ang pagmimina naman sa mga mineral ay dapat bantayan upang limitahan ang pagkasirang idinudulot nito sa kalikasan. Kailangang din maglaan ng reserbang mineral para sa susunod pang salin-lahi.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Magbigay ng iba pang halimbawa ng yamang napapalitan at yamang di-napapalitan.
2. Bakit itinuturing na yamang napapalitan at yamang di-napapalitan ang mga binigay mong halimbawa sa bilang 1?
3. May epekto ba sa ekonomiya kung ang pinagkukunang-yaman ay napapalitan o hindi napapalitan? Ipaliwanag ang sagot.
4. Naniniwala ka ba na mas mabigat ang problema ng bansa kung mauubos ang yamang di napapalitan? Pangatwiran ang sagot.

5. Mayroon ka bang maimumungkahing paraan kung papaano pa mapapahaba ang pakinabang ng mga yamang di-napapalitan? Ano ang mga ito?



Tandaan Mo!

- Ang Yamang napapalitan ay mga yamang likas na agad napapalitan sa madaling panahon matapos gamitin.
- Ang Yamang di-napapalitan ay mga yamang likas na matapos magamit ay hindi agad mapapalitan sa madaling panahon.
- Mula sa mga yamang ito kinukuha natin ang mga produkto na tumutugon sa ating mga pangangailan at kagustuhan.
- Mahalagang matutunan ang wastong paggamit at pangangalaga ng mga yamang ito ng sa ganoon makapagdulot ito ng kaunlaran at mapagkukunan ng yaman ng susunod pang mga henerasyon.
- Ang kaingin, iligal na pagtrotroso, iligal na pangingsda at mga gawaing sumisira at umaabuso sa likas na yaman ay kailangang matigil sapagkat nagdudulot ito ng walang saysay at madaling pagkaubos ng mga likas na yaman



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Lagyan ng T kung Tama o M kung Mali ang bawat patlang.

A.

- _____ 1. Malaking bahagi ng lupain ng Pilipinas ay sakop ng kagubatan.
- _____ 2. Ang yamang-mineral ay madaling napapalitan.
- _____ 3. Pangingsda ang pangunahing pakinabang ng mga Pilipino sa yamang tubig nito.

ARALIN 2

YAMANG LUPA



Ang araling ito ay tatalakay sa yamang lupa ng Pilipinas. Matututunan mo na ang Pilipinas ay di salat sa yaman bagkos biniyayaan ng napakalaking yamang lupa na kung ating lamang gagamitin ng wasto at pagyayamanin ay makakatulong ng husto sa pagpapaunlad ng ating ekonomiya. Matututunan mo rin sa araling ito ang iba't-ibang klasipikasyon ng ekta-ektaryang lupain ng Pilipinas at mga biyayang dulot nito.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Nababalangkas ang lawak ng yamang lupa ng ating bansa;
2. Nasusuri ang iba't-ibang klasipikasyon ng lupain sa ating bansa;
3. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng wastong paggamit ng yamang lupa sa ating bansa; at
4. Nakapagmumungkahi ng iba't ibang paraan ng pangangalaga sa ating yamang lupa.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!


Lagyan ng tsek (✓) kung ang pangungusap ay naglalarawan ng wastong paggamit ng likas na yaman at ekis (✗) kung hindi.

- _____ 1. Pagtapon ng basura sa bakanteng lupa.
- _____ 2. Pagsasagawa ng reporestasyon upang dumami ang puno sa gubat.
- _____ 3. Pagsunod ng basura sa bakuran upang maging malinis ito.
- _____ 4. Paglalagay ng mga kemikal na pataba ang lupa upang mapalaki ang ani.
- _____ 5. Ipaagos sa ilog ang kemikal mula sa pabrika upang makatipid.

- _____ 6. Pagrecycle ng papel, bote at plastik.
- _____ 7. Paggamit ng organikong pataba sa pananim.
- _____ 8 Pagkakaingin.
- _____ 9. Malawakang konbersyon ng lupang agricultural sa industriyal.
- _____ 10. Ang paghihiwalay ng nabubulok sa di-nabubulok na basura.

Ang Pilipinas ay binubuo ng malalaking isla ng Luzon, Mindanao at mga isla ng visayas at mahigit sa 7,000 na maliliit na isla. Ang lupa ng Pilipinas ay may kabuuang lawak na 30,000,000 ektarya. Ayon sa Bureau of Agriculture Statistics, ang sukat ng lupaing agrikultural noong taong 2002 ay umabot sa 11,939.6 ektarya. Ang 12% ng Gross National Product (GNP) ng bansa ay kontribusyon ng sektor ng agrikultura. Ang malaking bahagi ng kagubatan sa bansa ay matatagpuan sa hilaga at timog Mindanao, lambak ng Cagayan, at silangang Visayas. Sa tala ng forest Management Bureau, 11,171 ektaya ng kagubatan ang nasisira dulot ng pagkasunog, ilegal na pamumutol ng puno, kalamidad, at pagkakaingin.

Uri ng Kagubatan



Ang kabuuang dalawampung (20) porsyento ng kalupaan ay kagubatan at may dalawampung (20) porsyentong kakahuyan. Ang ating bansa ay may higit kumulang na apat (4) na milyong hektaryang “dipterocarp rainforest” na may higit kumulang na isang (1) milyong hektaryang mga matatandang kakahuyan. Lahat-lahat may kabuuhan itong sampung (10) milyong hektaryang lupang agrikultural.

Sa yamang lupa kinukuha ang mga pagkain, mga gamit sa bahay, opisina, produksyon, at mga kahoy na ginagamit sa paggawa ng bahay.

Sapagkat ang Pilipinas ay isang bansang agrikultural malaking bahagi sa mga lupain nito ay ginagamit sa pagsasaka at pagtanim ng iba’t ibang uri ng pagkain at pag-aalaga ng hayop. Ang ibang bahagi naman ay sa residensyal, kumersyal at industriyal ginagamit.

Status of Land Classification
by Region and by Province
As of 31 December 2002
(in hectares)

| Region | Total Land Area | Alienable and Disposable Land | Total Forest Land |
|----------------------------------|-----------------|-------------------------------|-------------------|
| Philippines | 30,000,000 | 14,145,078 | 15,854,922 |
| National Capital Region | 63,600 | 48,232 | 15,368 |
| Cordillera Administrative Region | 1,829,368 | 350,099 | 1,479,269 |
| Ilocos | 1,284,019 | 810,922 | 473,097 |

| | | | |
|--------------------------------------|-----------|-----------|-----------|
| Cagayan Valley | 2,683,758 | 965,965 | 1,717,793 |
| Central Luzon | 1,823,082 | 1,051,908 | 771,174 |
| Southern Tagalog | 4,692,416 | 2,172,866 | 2,519,550 |
| Bicol | 1,763,249 | 1,222,060 | 541,189 |
| Western Visayas | 2,022,311 | 1,408,782 | 613,529 |
| Central Visayas | 1,495,142 | 959,223 | 535,919 |
| Eastern Visayas | 2,143,169 | 1,023,715 | 1,119,454 |
| Western Mindanao | 1,599,734 | 762,280 | 837,454 |
| Northern Mindanao | 1,403,293 | 657,100 | 746,193 |
| Southern Mindanao | 2,714,059 | 1,079,824 | 1,634,235 |
| Central Mindanao | 1,437,274 | 546,828 | 890,446 |
| Caraga | 1,884,697 | 542,447 | 1,342,250 |
| Autonomous Region in Muslim Mindanao | 1,160,829 | 542,827 | 618,002 |

Source: National Mapping and Resource Information Authority.

Marami sa mga Pilipino ay hindi nagmamay-ari ng lupa at nakikisaka lamang kaya minabuti ng gobyerno na magkaroon ng kumprehensibong repormang agraryo. Marami ring Pilipino ang walang kakayahang magmay-ari ng bahay at lupa kaya lumalala ang problemang eskwater lalong-lalo na sa mga lupa ng gobyerno o sa gilid ng mga ilog sa mga lungsod. Dumarami rin ang kumbersyon ng lupang agrikultural sa residensyal (dahil sa lumalaking populasyon) at industriyal dahil sa paglago ng industriya) bagay na nakakabawas sa produksyon ng mga produktong agrikultural at pagkain.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Batay sa pigura, ano ang kapansin-pansin sa lawak ng lupain ng bansa?

2. Magmungkahi ka ng mga paraan kung paano pa lubos na mapapakinabangan ang yamang lupa na isinasaalang-alang ang sumusunod na salin lahi.
3. Tukuyin ang mga dahilan nang pagkasira ng kagubatan ng bansa.
4. Bilang isang mag-aaral, papaano ka makakatulong sa pagpapanatiling buhay ng ating mga kagubatan?
5. Kung ikaw ay isang mambabatas, anong batas ang iyong ipapanukala upang mapahalagahn ng mga tao ang yamang lupa?



Tandaan Mo!

- Ang yamang lupa ng Pilipinas ay pinagkukunan ng mga produktong agrikultural.
- Malaking bahagi ng Pilipinas ay kagubatan subalit mabilis na itong nasisira dahil sa pagkakaingin at illegal na pamumutol ng kahoy
- .Ang lupang agrikultural ay patuloy na nababawasan dahil sa kunbersyon nito sa residential, kumersyal at industriyal bagay na nagdudlot ng kabawasan sa produktong agricultural.
- Nilalayan ng kumprehensibong repormang agraryo na magkaroon ang mga magsasaka ng sarili nilang lupang sasakahin.
- Lumalala ang problemang eskwater sa bansa dahil sa mabilis na paglobo ng populasyon.



Gawain 3: Paglalapat

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

A. Magbigay ng tatlong kadahilanan ng pagdami ng eskwater

1. _____
2. _____
3. _____

B. Magbigay ng tatlong mungkahi upang masolusyunan ang lumalalang problema ng eskwater

1. _____
2. _____
3. _____

C. Liban sa seryosong pagpapatupad ng Komprehensibong Repormang Agraryo, magbigay pa ng tatlong paraan upang higit pang pakinabangan ang yamang lupa ng bansa

1. _____
2. _____
3. _____

ARALIN 3

YAMANG MINERAL



Ang araling ito ay tatalakay sa yamang mineral ng ating bansa. Matututunan mo Kung ano-ano ang mga mahahalagang mineral ang makukuha sa ating bansa at ang papel nito sa ekonomiya ng ating bansa. Pagtutuunang pansin din ang mga positibo at negatibong epekto ng pagmimina sa mga mineral na ito.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Nalalaman ang iba't ibang uri ng mineral na natatagpuan sa bansa;

- Natutukoy ang mga produktong gumagamit ng mga mineral na ito at ang pinagdadalhan nito;
- Nakapagmumungkahi ng balanseng paggamit ng mineral at pangangalaga sa kalikasan; at
- Nasusuri ang positibo at negatibong epekto ng pagmimina ng mineral.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Minahin ang iba't-ibang mineral at produktong pinaggagamitan nito sa pamamagitan ng paghanap at pagbilog sa mga kataga nito sa ibaba.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | C | O | M | P | U | T | E | R | G | H | T | J | K | I | L | M |
| P | I | L | A | K | J | K | B | C | Y | E | R | O | D | R | R | Y | W |
| C | A | B | A | K | A | L | A | G | I | N | T | O | D | F | O | G | I |
| C | O | M | R | H | A | S | D | F | G | H | J | L | A | T | A | K | I |
| A | F | A | J | G | A | T | O | N | G | L | I | S | D | U | O | L | R |
| K | N | G | L | R | E | S | E | R | B | A | N | G | G | I | N | T | O |
| K | A | B | L | E | N | G | K | U | R | Y | E | N | T | E | S | | N |
| E | A | A | G | H | S | A | L | T | D | F | G | R | A | V | E | L | O |
| T | T | H | C | H | R | O | M | I | T | E | C | A | S | D | G | J | R |
| A | C | O | P | P | E | R | L | K | H | I | I | N | I | C | K | O | E |
| S | I | L | I | C | A | D | F | G | N | N | I | C | K | E | L | H | B |

Kahit maliit na bansa ang Pilipinas, biniyayaan naman ito ng saganang mineral. May saganang deposito ng mineral na matatagpuan sa Benguet, Zambales, Bicol, Cebu, Panay, Negros, Surigao, Davao, Zamboanga, at Palawan.


Sa mga mineral na panggatong (fuel), pinakamahalaga ang langis at produktong petrolyo. Ang iba pang pinagkukunan ng enerhiya ay ang lakas-hydroelectric, lakas-geothermal, enerhiyang solar, at iba pa.

**Talahanayan 1: Produksyon ng Pangunahing Mineral, 2001
(sa libong piso)**

| MINERAL | HALAGA |
|--------------------|------------|
| METALIKO | |
| Mahahalagang Metal | |
| • Ginto | 14,382,034 |
| • Pilak | 196,930 |
| Base Metals | |
| • Chromite | 98,138 |
| • Copper | 1,568,538 |
| • Iron ore | 449 |
| • Nickel | 682,102 |
| DI-METALIKO | |
| • Coal | 983,858 |
| • Salt | 230,588 |
| • Silica Sand | 9,015 |
| • Sand & Gravel | 4,977,818 |
| • Iba pa | 957,470 |

Sanggunian: 2002 Philippine Statistical Yearbook

Mayroong mga depositong ginto sa Luzon: iron ore sa Mindanao at halos sa lahat ng mga karatig isla nito. Sa gitnang Luzon ay may copper at lead at zinc sa timog Mindanao. Ang mataas na uri ng chromite ay matatagpuan naman sa Luzon, Mindanao at Palawan. May deposito rin ng silver, nickel, mercury, molybdenum, cadmium, and manganese na matatagpuan sa iba't ibang panig ng kapuluan. Ang mga mineral na di-metalikong matatagpuan sa bansa ay limestone na ginagamit sa semento, matatagpuan sa Cebu, Luzon, and Romblon; asin at asbestos sa Luzon; marmol sa Romblon at Panay; asphalt sa Leyte; mineral na tubig sa Luzon; gypsum sa Luzon; sulfur sa Luzon, Leyte, at Mindanao; guano at phosphate rock sa Cebu at Bohol; coal at silica sa Cebu at Palawan; at petrolo sa Palawan.



Ang yamang mineral ay nakakatulong sa ekonomikong pag-unlad subalit hindi ito napapalitan kaya't kailangan itong gamitin ng wasto at tipirin para sa mga susunod pang henerasyon. Ang pagmimina sa mineral ay 1. nagbibigay ng empleyo, 2. nagpapasok ng dolyar sa bansa at 3. nagbibigay ng kita sa pamahalaan sa pamamagitan ng buwis. Subalit dahil ang mineral ay yamang di-napapalitan kailangan ang wasto at matalinong paggamit nito. Kailangan din na maglaan ng mga ito para sa gagamitin ng mga susunod pang henerasyon at higit sa lahat kailangang siguraduhing ang pagmimina nito ay hindi lubos na pipinsala sa kapaligiran.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

PANUTO: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sa produksyon ng mamahaling metal sa bansa, pinakamalaki ang
 a. pilak b. ginto c. chromite d. copper

2. Sa produksyon ng mineral na di-metaliko, pinakamalaki ang
 a. uling b. asin c. buhanging-silika d. buhangin at graba

3. Pinakamahalga ang mineral na ito bilang mineral na panggatong sa ating bansa:
 a. uranium b. plutonium c. langis d. uling

4. Nagpapasokng dolyar sa bansa ang industriya ng pagmimina sa pamamagitan ng:
 - a. pagluluwas ng mineral sa ibang bansa
 - b. pag-aangkat ng mineral sa ibang bansa
 - c. pagbebenta ng mineral sa lokal na pamilihan
 - d. pagbili ng langis sa mga bansang kasapi sa OPEC

5. Nadaragdagan ang kita ng pamahalaan mula industriya ng pagmimina sa pamamagitan ng:
 - a. pangungutang ng pamahalaan sa industriya ng pagmimina
 - b. pagbabayad ng buwis mula sa industriya ng pagmimina sa pamahalaan.
 - c. pagpapautang ng mga bangko sa industriya ng pagmimina
 - d. pagbebenta ng industriya ng pagmimina sa lokal na pamilihan.



Tandaan Mo!

- Kahit maliit na bansa ang Pilipinas, biniyayaan naman ito ng saganang mineral
- Ang yamang mineral ay nakakatulong sa ekonomikong pag-unlad
- Sa mga mineral na panggatong (fuel), pinakamahalaga ang langis at produktong petrolyo
- Ang pagmimina sa mineral ay 1. nagbibigay ng empleyo, 2. nagpapasok ng dolyar sa bansa at 3. nagbibigay ng kita sa pamahalaan sa pamamagitan ng buwis.
- Dahil ang mineral ay yamang di-napapalitan kailangan ang wasto at matalinong paggamit nito.



Gawain 3: Paglalapat

Pagkumparahin ang epekto ng pagmimina ng yamang mineral sa bansa

Positibong Epekto

1. _____
2. _____
3. _____

Negatibong Epekto

1. _____
2. _____
3. _____

Lagyan ng tsek (✓) ang mga dapat isagawa at ekis (×) ang dapat ihinto sa pagmimina ng ating yamang mineral.

- _____ 1. Ang pagkakaroon ng malawakang pag-aaral sa epekto ng pagmimina sa kalikasan bago pahintulutan ito.
- _____ 2. Pagpapahintulot sa maliliit at individual na pagmimina ng mahihirap.
- _____ 3. Ang pagtayo ng mga plantang magproseso ng mga mineral sa mga produktong ginagamit sa bansa.
- _____ 4. Pagbigay ng prayoridad sa mga residente na makapagtrabaho sa minahan.
- _____ 5. Pagsiguro sa kaligtasan at kalusugan ng mga mangagawa sa minahan.

ARALIN 4

YAMANG TUBIG



Ang araling ito ay tatalakay sa yamang tubig ng bansa. Pag-aaralan mo ang mga datos na nagpapakita ng malawak na kayamanang tubig ng ating bansa. Matutukoy mo rin ang mga kadahilanan kung bakit nauubos at nasisira ang ating likas na yamang tubig at ilalata ang iba't-ibang paraan kung paano mapangangalagaan ang ating yamang tubig



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Nakikilala ang iba't ibang yamang tubig ng ating bansa;
2. Nasusuri ang kadahilanan ng pagkaubos o pagkasira ng likas na yamang dagat;
3. Nalalaman ang halaga ng produktong pangisdaan ng ating bansa; at
4. Nakapagbibigay ng paraan ng pangangalaga sa yamang dagat.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto : Pag-aralan ang mga gawain sa ibaba at isulat kung ito'y makakabuti o makakasama sa ating yamang tubig.

- Paggamit ng maliliit na lambat sa pangingsda
- Pagtatayo ng bantay-dagat
- Paggamit ng sosa sa pangingsda
- Paggawa ng mga artipisyal na tirahan ng isda mula sa lumang gulong
- Ang pagkakaroon ng marine sanctuary
- Pagpayag sa pangingsda sa ating dagat ng mga dayuhang mangingsda
- Ang Pagbalik sa dagat ng mga maliliit na isdang nahuli
- Ang pagtatayo ng kooperatiba ng mangingsda
- Ang pagkakaroon ng oil spill
- Ang pagbenta ng mga koral bilang palamuti

| Makakabuti | Makakasama |
|------------|------------|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

Ang Pilipinas ay isang arkepelago at napalilibutan ng mga katubigan na umaabot sa kabuuang sukat na 17,460 kilometro. Pangingsda ang pangunahing pakinabang ng mga Pilipino sa yamang tubig nito. Sa taong 2001, nag-ambag ang industriya ng pangisdaan ng 2.28% sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa.



Ang kabuuang halaga ng produksyon ng pangisdaan ay makikita sa grap sa ibaba.

PRODUKSYONG PANGISDAAN
(sa libong metrikong tonelada)

| Pangingsda | 2002 | 2003 | 2004 | Growth rate 02-03 | Growth rate 03-04 |
|------------------|--------|--------|----------|----------------------|----------------------|
| Kumersyal | 803.01 | 838.97 | 852.1 | 4.48 | 1.57 |
| Munisipal | 749.21 | 787.88 | 811.34 | 5.16 | 2.98 |
| Aqua kultural | 921.8 | 936.43 | 1,182.20 | 1.59 | 26.25 |

Ang polusyon at pagtapon ng basura naman sa iba pang yamang tubig ay pumapatay sa mga buhay na nakatira dito, nababawasan ang mapagkukunan ng malinis na inumin at pagdami ng lamok at iba pang peste na nagdudulot ng sakit sa mga mamamayan.



Ang iba't ibang uri ng maling pangangisda at pag abuso sa yamang dagat ay sumisira sa malaking bahagi ng "coral reefs" na nagsisilbing tahanan ng mga isda kaya patuloy na umuunti ang mga isda at iba pang lamang dagat

Ang iligal na pangangisda ng mga dayuhan sa ating karagatan ay nagdudulot naman ng pagkalugi sa maliliit na mangangisda at ng malaking kabawasan sa ating reserbang yaman.




Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang napansin mo sa grap sa itaas?

2. Magbigay ng mga posibleng dahilan ng paglaki ng halaga ng produksyong pangisdaan sa bansa.
3. Bukod sa makikita sa larawan, ano pa kaya ang dahilan ng pagkasira ng yamang-tubig?
4. Ipaliwanag ang implikasyon sa ekonomiya ng kung patuloy na masisira ang yamang tubig.
5. Sa papaanong paraan ka makakatulong sa pangangalaga ng yamang-tubig?



Tandaan Mo!

- Ang Pilipinas ay napalilibutan ng mga katubigan na umaabot sa kabuuang sukat na 17,460 kilometro.
- Pangingsda ang pangunahing pakinabang ng mga Pilipino sa yamang tubig nito.
- Sa taong 2001, nag-ambag ang industriya ng pangisdaan ng 2.28% sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa.



Gawain 3: Paglalapat

Sumulat ng maikling sanaysay kung paano mo mapangangalagaan ang ating yamang dagat.

ARALIN 5

ANG YAMANG TAO



Sa araling ito ilalatag ang kahalagahan ng yamang tao sa ekonomiya ng bansa. Susuriin din ang mga datos hingil populasyon at densidad ngpopulasyon at bibigyang diin ang ang negatibo at positibong epekto ng paglaki ng populasyon



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng balangkas ng populasyon ng Pilipinas sa ekonomiya ng bansa.
2. Nailalahad ang mga datos na may kaugnayan sa populasyon at densidad nito sa ating bansa;
3. Nalalaman ang positibo at negatibong epekto ng paglaki ng populasyon ng ating bansa sa ekonomiya; at
4. Nakapagmumungkahi ng iba't ibang paraan upang matugunan ang mga problemang dulot ng lumulobong populasyon ng bansa;



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pag-isipan ang ilang epekto ng lumalaking populasyon ng Pilipinas at isulat sa ibaba kung ito'y makabubuti o makasasama sa ating ekonomiya.

1. Pagkakaroon ng malaking lakas paggawa
2. Paggamit sa malaking bahagi ng likas na yaman
3. Paglago ng produktibidad ng bansa
4. Paglaki ng pagkunsumo
5. Paglaki ng pangangailangan sa serbisyong panlipunan
6. Pagtaas ng densidad sa mga lungsod
7. Pagdami ng mag-aaral sa pampublikong paaralan
8. Pagdami ng mga nangangailangan sa pabahay

| Makabubuti sa Ekonomiya | Makasasama sa Ekonomiya |
|-------------------------|-------------------------|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

Walang kabuluhan ang saganang likas na yaman kung walang taong lilinang nito, kaya naman itinuturing na pinakamahalagang pinagkukunang-yaman ang yamang tao. Ang Pilipinas ay nagtala ng kabuuang populasyon na 76,498,735 noong taong 2000. Saan sa Pilipinas mo ba ito matatagpuan? Tunghayan mo sa talahanayan sa ibaba.

POPULASYON AT DENSIDAD NG POPULASYON NG BAWAT REHIYON, 2000

| REHIYON | POPULASYON | DENSIDAD |
|-------------------------|------------|----------|
| PILIPINAS | 76,498,735 | 255 |
| NCR | 9,932,560 | 15,864 |
| CAR | 1,365,220 | 82 |
| I – Ilocos | 4,200,478 | 338 |
| II- Lambak ng Cagayan | 2,813,159 | 93 |
| III- Gitnang Luzon | 8,030,945 | 491 |
| IV- Timog Katagalugan | 11,793,655 | 243 |
| V- Bicol | 4,674,855 | 259 |
| VI- Kanlurang Visayas | 6,208,733 | 308 |
| VII- Gitnang Visayas | 5,710,064 | 366 |
| VIII- Silangang Visayas | 3,610,355 | 64 |
| IX- Kanlurang Mindanao | 3,091,208 | 170 |
| X- Hilagang Mindanao | 2,747,585 | 176 |
| XI-Katimugang Mindanao | 5,189,335 | 191 |
| XII- Gitnang Mindanao | 5,598,210 | 164 |
| ARMM | 2,412,159 | 126 |
| CARAGA | 2,095,36 | 108 |

Pinagkunan: National Statistics Office

Ang densidad ng populasyon ay nagpapakita sa dami ng tao sa isa kwadrang kilometro. Malalaman kung nagsisiksikan sa isang lugar ang populasyon dahil dito. Sa NCR makikitang may densidad na 15,864 na nagpapahiwatig na napakaraming taong nakatira sa napakaliit na lugar na nagbubunga ng maraming suliraning panlipunan tulad ng kawalang trabaho at sariling bahay. Ang karamihan sa populasyon ay karaniwang nagtitipon sa mga lungsod at “urban centers” kung saan maraming oportunidad sa trabaho at maraming serbisyong panlipunan.

Karamihan sa populasyon ng Pilipinas ay may edad 40 pababa. Ang pinakamarami kung titingnan ayon sa edad ay may edad na 5-9 na umabot sa 9,694,781 katao. Mas nakarami ang mga lalaki na may kabuuang bilang na 38,524,267 kaysa sa mga babae na may kabuuang bilang na 37,979,810.

Ang Pilipinas ay nakapagtala ng 25.8/1,000 bagong silang noong 2004 samantalang 5.53/1,000 ang namamatay sa populasyon. Ito ay nagpapahiwatig na mas marami ang isinisilang kaysa sa namamatay kaya lalong lumalaki ang populasyon. Tinatayang pagdating ng 2015 aabot sa 100 milyon ang populasyon sa Pilipinas.

Ang mga datos na ito ay magagamit sa pagtatantiya kung anu-ano ang kakailangang produkto at mga kakailanganing serbisyong panlipunan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

.Suriin ang talahanayan sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod:

Population by Age Group and by Sex : 2000

| Age Group | Both Sexes | Male | Female |
|--------------|-------------------|-------------------|-------------------|
| Total | 76,504,077 | 38,524,267 | 37,979,810 |
| Under 1 | 1,917,431 | 986,506 | 930,925 |
| 1-4 | 7,752,071 | 3,965,426 | 3,786,645 |
| 5-9 | 9,694,781 | 4,962,013 | 4,732,768 |
| 10-14 | 8,949,614 | 4,541,197 | 4,408,417 |
| 15-19 | 8,017,298 | 4,017,830 | 3,999,468 |

| | | | |
|-------------|-----------|-----------|-----------|
| 20-24 | 7,069,403 | 3,522,518 | 3,546,885 |
| 25-29 | 6,071,089 | 3,053,616 | 3,017,473 |
| 30-34 | 5,546,294 | 2,804,522 | 2,741,772 |
| 35-39 | 4,901,023 | 2,496,821 | 2,404,202 |
| 40-44 | 4,163,494 | 2,120,314 | 2,043,180 |
| 45-49 | 3,330,054 | 1,696,712 | 1,633,342 |
| 50-54 | 2,622,316 | 1,318,632 | 1,303,684 |
| 55-59 | 1,903,649 | 943,133 | 960,516 |
| 60-64 | 1,633,150 | 786,137 | 847,013 |
| 65-69 | 1,138,843 | 533,469 | 605,374 |
| 70-74 | 797,970 | 361,614 | 436,356 |
| 75-79 | 505,356 | 218,622 | 286,734 |
| 80 and over | 490,241 | 195,185 | 295,056 |

Source: National Statistics Office.

1. Batay sa talahanayan, gaano karami na ang tao sa Pilipinas sa tala ng National Statistics Office noong 2000? _____

2. Karamihan sa populasyon ay mga bata, anong implikasyon nito sa kakailanganing badyet ng gobyerno sa hinaharap? _____

3. Magbigay ng tatlong serbisyong panlipunan ang higit na kakailanganin ng populasyon sa susunod na sampung taong?
 1. _____
 2. _____
 3. _____

4. Magbigay ng tatlong implikasyon ng patuloy na paglaki ng populasyon

1. _____
2. _____
3. _____

5. Sa paanong paraan nakakasagabal sa kaunlaran ang malaking Populasyon? _____



Tandaan Mo!

- Ang densidad ng populasyon ay nagpapakita ng kapal ng tao sa bawat kilometro kwadrado. Ipinapakita nito kung nagsisiksikan ang mga tao sa isang lugar.
- Ang Pilipinas ay nagtala ng kabuuang populasyon na 76,498,735 noong taong 2000 .
- Ang NCR ay may densidad na 15,864 na nagpapahiwatig na napakaraming taong nakatira sa napakaliit na lugar na nagbubunga ng maraming suliraning panlipunan tulad ng kawalang trabaho at sariling belay
- Ang Pilipinas ay nakapagtala ng 25.8/1,000 bagong silang noong 2004 samantalang 5.53/1,000 ang namamatay sa populasyon.
- Karamihan sa populasyon ng Pilipinas ay may edad 40 pababa. Ang pinakamarami kung titingnan ayon sa edad ay may edad na 5-9 na umabot sa 9,694781 katao.
- Mas nakararami ang mga lalaki na may kabuuang bilang na 38,524,267 kaysa sa mga babae na may kabuuang bilang na 37,979,810.
- Ang mga datos na ito ay magagamit sa pagtatantiya kung anu-ano ang kakailanganing produkto at serbisyong panlipunan.



.Gawain 3: Paglalapat

Ipaliwanag ang mga sumusunod

a. Kailan hindi nagiging problema ang paglaki ng populasyon? _____

b. Sang-ayon ka ba sa paggamit ng artipisyal na paraan ng birth-control?

Bakit? Bakit hindi? _____

c. Makabubuti bang limitahan ng gobyerno ang bilang ng anak sa dalawa?

Bakit? Bakit hindi? _____

ARALIN 6

ANG LAKAS PAGGAWA



Sa araling ito ay malalaman mo ang mga datos hingil sa lakas paggawa ng Pilipinas. Malalaman mo rin ang mga sanhi ng kawalang trabaho ng ating mamamayan at ang mga posibleng paraan ng ikalulutas nito. Matutukoy mo rin ang mga problemang hinaharap ng mga manggagawang Pilipino at ang malaking kontribusyon ng mga manggagawa sa yaman ng bansa.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Nauunawaan ang kalagayang pang-employe ng bansa;
2. Natutukoy ang mga sanhi ng problemang pang-employe sa bansa;
3. Natataya ang uri, dami, kalidad at kahalagahan ng lakas-paggawa sa pagkakaroon ng produktibo at mataas na kalidad na antas ng produksyon;
4. Nalalaman ang mga posibleng solusyon sa mga problemang ito; at
5. Nakapagbibigay ng mungkahi upang magkaroon ng katahimikang pang industriya sa ating bansa.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

A. Panuto: Hanapin at bilugan ang mga karaniwang trabaho ng mga Pilipino

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | K | A | C | C | O | U | N | T | A | N | T | O | M | S |
| E | A | A | F | A | C | T | O | R | Y | R | E | T | A | E |
| H | W | M | W | O | R | K | E | R | B | N | O | S | N | K |
| M | A | F | K | A | R | P | E | N | T | E | R | O | G | Y |
| I | L | Y | K | J | N | W | A | R | I | W | E | D | I | O |
| Y | D | A | P | U | L | I | S | E | H | A | B | A | N | X |
| D | R | I | V | E | R | N | C | V | N | I | U | G | G | M |
| A | W | E | R | T | Y | G | U | R | O | T | T | O | I | P |
| L | D | E | F | R | T | Y | G | J | K | E | F | B | S | O |
| S | M | I | K | A | N | I | K | O | P | R | M | A | D | L |
| E | A | S | G | H | K | L | D | I | B | G | H | F | A | I |
| L | H | O | U | S | E | W | I | F | E | Y | L | H | I | T |
| A | R | K | I | T | E | K | T | O | M | D | E | C | K | I |
| S | D | R | T | Y | U | K | M | N | X | T | L | R | B | K |
| D | I | N | H | E | N | Y | E | R | O | F | X | Y | N | O |

B. Panuto: Magbigay ng limang mabigat na problemang pinapasan ngayon ng mga mangagawang Pilipino

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Ang bilang na may trabaho at walang trabaho ay mahalaga dahil matatantiya nito kung nagiging mabuti ang kalagayan ng paggawa sa ating bansa. Tingnan natin ang kalagayang pang-empleyo ng Pilipinas sa pagdaan ng panahon.

KALAGAYAN PANG-EMPLEYO NG PILIPINAS (%), 1997-2001

| TAON | LABOR FORCE PARTICIPATION RATE | EMPLOYMENT RATE | UNEMPLOYMENT RATE |
|-------------|---------------------------------------|------------------------|--------------------------|
| 1997 | 65.5 | 92.1 | 7.9 |
| 1998 | 66.0 | 90.4 | 9.6 |
| 1999 | 65.8 | 90.6 | 9.4 |
| 2000 | 64.3 | 89.9 | 10.1 |
| 2001 | 67.5 | 90.2 | 9.8 |

Pinagkunan: 2002 Philippine Statistical Yearbook

May iba't ibang paraan ng pagtantiya ng kalagayan ng lakas paggawa sa bansa. Ito ay sa pamamagitan ng pagkuha sa sumusunod na mga kalagayan:

Antas ng mga nasa lakas paggawa = $\frac{\text{Kabuuang bilang ng nasa lakas paggawa}}{\text{Populasyon 15 taon-pataas}} \times 100$
(Labor force participation rate)

Antas ng may Trabaho = $\frac{\text{Kabuuang bilang ng may trabaho}}{\text{Kabuuang bilang ng lakas paggawa}} \times 100$
(Employment Rate)

Antas ng walang Trabaho = $\frac{\text{Kabuuang bilang ng walang trabaho}}{\text{Kabuuang bilang ng lakas paggawa}} \times 100$
(unemployment rate)

Noong 1999 ang lakas paggawa ng Pilipinas ay umabot sa 31.1 million katao. Ang agrikultura, pangkagubatan at pangingsda ay nag empleyo ng 40 porsyento ng lakas paggawa., 16 na porsyento sa manufacturing, konstruksyon at pagmimina at 44 porsyento sa paglilingkod.

Naitala noong Oktobre 2004 ang 89.1 antas ng may trabaho at 66.5 antas ng mga nasa lakas paggawa na umaabot sa kabuuang bilang na 53,562,000 manggagawa, subalit mayroon din namang mga walang trabaho na umabot sa kabuuang antas na 10.9

GDP GROWTH RATE BY INDUSTRIAL ORIGIN

| | Q1-03 | Q2 | Q3 | Q4 | Q1-04 | Q2 | Q3 | Q4 |
|------------------------|-------|-----|-----|-----|-------|------|------|------|
| AGRI,FISHERY,FORESTRY | 3.3 | 1.6 | 4.7 | 5.3 | 8.1 | 3.8 | 7.3 | 1.2 |
| INDUSTRY SECTOR | 4.8 | 3.6 | 3.7 | 3.2 | 5.6 | 5.6 | 3.8 | 6.3 |
| SERVICE SECTOR | 5.5 | 5.7 | 5.7 | 6.1 | 6.4 | 8.3 | 7.7 | 6.7 |
| Trans., Comm., Storage | 8.6 | 8.4 | 7.8 | 9.4 | 9.2 | 14.6 | 11.4 | 13.3 |
| Trade | 5.6 | 5.4 | 5.3 | 6.2 | 6.7 | 7.1 | 7.8 | 5.6 |
| Finance | 5.5 | 8.6 | 6.7 | 7.4 | 7.0 | 9.6 | 9.0 | 7.8 |


| | | | | | | | | |
|------------------------|-----|-----|-----|-----|-----|-----|-----|------|
| Dwelling & Real State | 3.2 | 4.1 | 4.0 | 4.8 | 4.0 | 6.4 | 6.9 | 6.5 |
| Private Services | 5.4 | 4.9 | 5.2 | 5.1 | 6.5 | 6.9 | 6.8 | 7.0 |
| Government Services | 2.8 | 2.2 | 4.8 | 1.9 | 2.3 | 4.3 | 2.4 | -2.3 |
| GROSS DOMESTIC PRODUCT | 4.8 | 4.2 | 4.8 | 5.0 | 6.5 | 6.6 | 6.3 | 5.4 |
| GROSS NATIONAL PRODUCT | 4.6 | 6.5 | 6.5 | 4.8 | 6.5 | 6.1 | 6.2 | 5.5 |

SOURCE: National Statistical Coordination Board

Karamihan sa manggawang Pilipino ay nasa industriyang paglilingkod. Ang paglilingkod ay binubuo ng anim na mayor na katigorya gaya ng transportasyon; pag-iimbak at komunikasyon; kalakal; pagmamay-ari ng bahay at pangangalakal ng lupa; pribadong paglilingkod at paglilingkod sa gobyerno. Liban sa sector ng paglilingkod sa gobyerno, lahat ng mga sector ng paglilingkod ay patuloy na nagtala ng paglago noong 2003-2004.

Ang kasalukuyang “sunshine industries” na mga “call centers” at “business process outsourcing” ay patuloy ding nagpapakita ng magandang pangako ng paglago.

Ang mga manggawang Pilipino sa ibang bansa (OFW) ay umabot naman sa 650,350 ang naka-base sa lupa at 214,694 ang naka-base sa dagat noong 2004. Sila ay nakapagpadala ng mahigit kumulang na 7.6 bilyong dolyares sa bansa. Bagay na labis na tumulong sa ekonomiya. Dahil marahil ditto, ang mga OFW ay tinaguriang mga makabagong bayani ng bansa.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ayon sa talahanayan, ano ang mapapansin sa labor force participation rate sa pagitan ng taong 2000 at 2001? _____

2. Pansinin ang employment at unemployment rate sa pagitan ng taong 2000 at 2001? Ano ang ipinahihiwatig nito? _____

3. Bakit mahalagang malaman, lalo na ng pamahalaan ang kalagayang pang-employo ng bansa? _____



Tandaan Mo!

- Ang hukbong paggawa ay mahalagang pinagkukunan ng yaman ng bansa. Sila ang lumilikha at nagpoprosesa ng mga kalakal at serbisyo na tumutugon sa pangangailangan at kagustuhan ng mga nangungunsumo.
- Ang hukbong paggawa(Labor Force) ay binubuo ng mga taong may edad 15 taon-pataas na bahagi ng produksyon ng mga kalakal at naglilingkod.
- Noong 1999 ang lakas paggawa ng Pilipinas ay umabot sa 31.1 million katao.
- Ang agrikultura, pangkagubatan at pangingsda ay nag empleyo na 40 porsyento ng lakas paggawa., 16 na porsyento sa manufacturing, konstruksyon at pagmimina at 44 porsyento sa paglilingkod.
- Naitala noong Oktobre 2004 ang 89.1 antas ng may trabaho at 66.5 antas ng mga nasa lakas paggawa na umaabot sa kabuuang bilang na 53,562,000 manggagawa, subalit mayroon din naming mga walang trabaho na umabot sa kabuuang antas na 10.9
- Ang mga manggawang Pilipino sa ibang bansa (OFW) ay umabot sa 650,350 na naka base sa lupa at 214,694 na naka base sa dagat noong 2004 na nakapagpadala ng mahigit kumulang na 7.6 bilyong dolyares sa bansa



Gawain 3: Paglalapat

Pagbabanig. Isulat sa kolum ng mga sumusunod ang kanilang dapat gawin upang magkaroon ng katahimikang pang-industriyal

Mga Dapat Isagawa Upang Magkaroon ng Katahimikang Pang-Industriyal

| Manggagawa | May-Ari ng Kumpanya | Gobyerno |
|------------|---------------------|----------|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Lagyan ng Tsek (✓) kung makakabuti at Ekis (X) kung makasasama ang mga sumusunod sa ekonomiya ng bansa

- ___ 1. Ang palagihan at malawakang pag-aaklas ng manggagawa
- ___ 2. Ang “Collective Bargaining Agreement”
- ___ 3. Ang palagihang pakiki-alam ng gobyerno sa negosyo
- ___ 4. Ang pagbibigay ng mga benepisyo sa mga manggagawa
- ___ 5. Ang paggastos sa training ng mga manggagawa
- ___ 6. Ang malaking gastos para sa “safety equipment” ng manggagawa
- ___ 7. Ang maraming holidays
- ___ 8. Ang madalas na pagpapalit ng empleyado
- ___ 9. Ang “sub-contracting” ng manggagawa
- ___ 10. Ang pagbabawal na sumali sa mga union ng manggagawa

ARALIN 7

YAMANG PISIKAL AT PAMUMUHUNAN



Sa araling ito, iyong matutunghayan ang mga datos ng pamumuhunan sa ating bansa. Uusisiin ang iba't-ibang uri ng pisikal na yaman ng bansa at uuriratin ang mga bagay na nakaaapekto sa pamumuhunan dito sa ating bansa. Sa huli, ay ilalatag ang iba't-ibang mungkahi upang mapalakas ang pamumuhunan sa Pilipinas



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Nalalaman ang iba't-ibang uri ng pamumuhunan sa bansa;
2. Nasusuri ang iba't ibang uri ng pisikal na yaman ng bansa;
3. Naipapaliwanag ang iba't ibang bagay na nakaaapekto sa pamumuhunan ng bansa; at
4. Nakapagmumungkahi ng mga paraan upang mapalakas ang pamumuhunan sa bansa.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Lagyan ng **T** kung Tama o **M** kung Mali ang bawat patlang.

- _____ 1. Ang mabilis at maasahang komunikasyon ay malaking tulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa
- _____ 2. Ang “farm to market roads” ay obligasyon ng mga pribadong mamumuhunan
- _____ 3. Nagiging mas “efficient” ang produksyon sa paggamit ng mga makabagong makinarya at technohiya.
- _____ 4. Ang lumalalang kalagayang pangkapayapaan at kaayusan ng bansa ay ang pangunahing dahilan sa kakulangan ng pamumuhunan sa bansa
- _____ 5. Ang depresasyon ay nagpapababa sa halaga ng mga pisikal na yaman
- _____ 6. Ang mga ensentibo sa pamumuhunan na ipinagkaloob ng pamahalaan sa mga

- dayuhang mamumuhunan ay nakahikayat ng maraming mamumuhunan
- ____7. Ang dagdag na pamumuhunan ay nakapaglilikha ng dagdag trabaho.
- ____8. Ang mga bagong tayong bahay ay di kabilang sa pisikal na yaman sapagkat di naman ito ginagamit sa produksyon
- ____9. Ang “inside Trading” sa “stock market” ay makakabuti sa pamumuhunan sa bansa
- ____10. Ang gobyerno ay hindi kabilang sa mga namumuhunan sa ating bansa

Hindi lahat ng bagay sa mundo ay gawa ng kalikasan. May mga bagay na nilikha o ginawa ng tao na tinatawag na yamang-pisikal. Ang yamang-pisikal ay binubuo ng mga istraktura, kagamitan at kasangkapang gawa ng tao na ginagamit bilang sangkap sa proseso ng produksyon. Ang mga ito ay naluluma o nasisira at nagkakaroon ng depresasyon kaya sa tuwinay dapat palitan. Ang Depresasyon ay ang normal at unti-unting pagkaluma at pagkasira ng yamang pisikal na nagiging dahilan upang bumaba ang naibibigay nitong pakinabang.

Ang yamang-pisikal ang tumutugon sa pangangailangan ng mga tao tulad ng nasa larawan.

Ang “Capital Goods” ay tumutukoy sa mga makinarya at kagamitan ng isang negosyo o ahensya na kailangan upang lumikha ng iba pang kalakal at paglilingkod. Kabilang ditto ang mga makinang gumagawa ng enerhiya, mga kagamitan sa opisina, elektroniks, dekurjentent makina, kagamitang pang trasportasyon at kagamitang pang propesyonal, seyentipiko at potograpiya.

Importasyon ng Kapital na Kagamitan(Enero-0ktubre 2004)

| | 2003 | 2004 | % Change |
|---|----------------|----------------|----------|
| TOTAL IMPORTS | 33,899,925,920 | 31,146,671,729 | 8.84 |
| Capital Goods | 12,988,661,273 | 12,436,878,029 | 4.44 |
| Power generating & specialized machines | 1,690,014,758 | 1,550,578,324 | 8.99 |

| | | | |
|--------------------------------|---------------|---------------|--------|
| Office and EDP Machines | 2,822,218,029 | 2,746,446,004 | 2.76 |
| Telecom equipt. Elec. | 7,398,643,345 | 6,943,644,287 | 6.55 |
| Land trans.eqpt. | 501,994,027 | 740,198,856 | -32.18 |
| Aircraft,ships and boats | 131,132,123 | 96,410,507 | 36.01 |
| Prof. Scientific photo. equipt | 444,658,991 | 359,600,051 | 23.65 |

Pinagkunan: National Statistics Office


Ang pormasyong pangkapital ay ipinapalagay na bahagi ng resulta ng ekonomiya at mga inangkat na hindi nakunsumo o naibenta at tinuturing na karagdagan sa stock na kapital ng bansa.

GROWTH RATE OF CAPITAL FORMATION IN THE PHILIPPINES

| | Q1-03 | Q2-03 | Q3-03 | Q4-03 | Q1-04 | Q2-04 | Q3-04 |
|--------------------------------|-------|-------|-------|-------|-------|-------|-------|
| CAPITAL FORMATION | 20.6 | -0.8 | -4.0 | -13.3 | 10.1 | 8.0 | 16.2 |
| Fixed Capital | 5.6 | -0.7 | 6.1 | 1.2 | 8.3 | 5.9 | 5.4 |
| Construction | 1.6 | -8.6 | -3.3 | -0.6 | 8.3 | 10.6 | 5.8 |
| Durable Equipment | 9.3 | 6.1 | 16.7 | 3.2 | 8.9 | 3.1 | 5.0 |
| Breeding Stocks & Orchard Dev. | 2.1 | 3.5 | 5.1 | 0.2 | 3.3 | -1.3 | 5.2 |

Pinagkunan: National Statistical Coordination Board

Makikita sa itaas na talahanayan ang paglago ng mga yamang pisikal ng Pilipinas noong 2003-2004. Ito ay mga ginagamit upang makalikha pa ng mga kalakal at serbisyo na pinagkukunan ng yaman ng bansa.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. Anong klase ng buhay mayroon ang tao kung walang yamang-pisikal?
2. Sa papaanong paraan mapaparami ang yamang-pisikal?
3. Bakit nakakasagabal sa kaunlaran ng ekonomiya ang depresasyon ng yamang-pisikal?



Tandaan Mo!

- Ang Yamang Pisikal ay binubuo ng mga istraktura, kagamitan at kasangkapang gawa ng tao na ginagamit bilang sangkap sa proseso ng produksyon.
- Ang Pamumuhunan ay tumutukoy sa pagbuo ng mga panibagong istraktura, planta at kagamitan na pumapalit sa mga lumang istraktura na nawala na ng pakinabang.
- Ang Depresasyon ay ang normal at unti-unting pagkaluma at pagkasira ng yamang pisikal na nagiging dahilan upang bumaba ang naibibigay nitong pakinabang.
- .Ang pormasyong kapital ay ipinapalagay na bahagi ng produkto ng ekonomiya at mgainangkat na hindi nakunsumo o naibenta at tinuturing na karagdagan sa stock na kapital ng bansa.
- Ang “Capital Goods” ay tumutukoy sa mga makinarya at kagamitan ng isang negosyo o ahensya na kailangan upang lumikha ng iba pang kalakal at paglilingkod.



Gawain 3: Paglalapat

Lagyan ng tsek (✓) kung makakatukong at ekis(X) kung di-makakatulong ang mga sumusunod sa pagpaparami ng yamang pisikal at pamumuhunan sa bansa.

- _____ 1. Ang mabilis at maasahang transportation sa bansa
- _____ 2. Ang mataas na pasahod sa manggagawa
- _____ 3. Ang edukado at mataas na kalinangan ng manggagawa
- _____ 4. Ang pagbaba ng “credit rating” ng bansa
- _____ 5. Ang mataas na patubo sa utang
- _____ 6. Ang mataas na insidente ng kidnapping
- _____ 7. Ang modernong facilidad sa komunikasyon

- _____ 8. Ang paggamit ng makabagong teknolohiya
_____ 9. Ang matatag at malinis na gobyerno
_____ 10. Ang malimit na pagsalanta ng bagyo

Maglatag ng tatlong mungkahi upang mapalakas ang pamumuhunan at pisikal na yaman ng ating bansa

1. _____
2. _____
3. _____



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Pinagkukunang-yaman ang mga bagay na nagdudulot ng kapakinabangan at tumutugon sa pangangailangan ng mga tao.
- ◆ Ang lawak ng kabuuang lupain ng Pilipinas ay may sukat na 30,000,000 ektarya. Ang 15,854,922 ektarya ay sakop ng kagubatan, samantalang 14,145,078 ektarya naman ay maaring ipagbili.
- ◆ Biniyayaan ang Pilipinas ng saganang deposito ng mineral na matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan. Noong 2001, nagtala ng pinakamalaking produksyon ng mineral na metaliko ang ginto, samantalang nanguna ang buhangin at graba sa produksyon ng mineral na di-metaliko.
- ◆ Umabot sa 17,460 kilometro ang kabuuang sukat ng katubigang pumapalibot sa Pilipinas, kaya naman nagpapakita ng kalakasan ang produksyon ng isda sa bansa.
- ◆ Yamang napapalitan ang tawag sa mga yamang likas na agad napapalitan matapos gamitin sa madaling panahon, samantalang yamang di-napapalitan ang tawag sa yamang likas na matapos magamit ay hindi agad mapapalitan sa madaling panahon.
- ◆ Walang kabuluhan ang saganang likas na yaman kung walang taong lilinang nito.
- ◆ Ang bilang ng may trabaho at walang trabaho ay mahalaga dahil matatantiya nito ng magiging mabuti ang kalagayan ng paggawa sa ating bansa.
- ◆ Ang yamang-pisikal ay binubuo ng mga istruktura, kagamitan at kasangkapang gawa ng tao na ginagamit bilang sangkap sa proseso ng produksyon.



PANGHULING PAGSUSULIT

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin ang hindi suliraning pangkabuhayan?
 - A. Kakapusan ng kagamitan.
 - B. Depresasyon ng Makinarya
 - C. Pagkasira ng pinagkukunang yaman
 - D. Pagdami ng mamumuhunan

2. Ito ay bimubuo ng mga taong may edad 15 taon-pataas na bahagi ng produksyon ng mga kalakal at paglilingkod
 - A. Antas ng may trabaho
 - B. Antas ng lakas paggawa
 - C. Entrepreneur
 - D. Hukbong paggawa

3. Ano ang pangunahing pakinabang ng mga Pilipino sa yamang tubig ng bansa?
 - A. Pinagkukunan ng enerhiya.
 - B. Turismo
 - C. Transportasyon
 - D. Pangingisda

4. Sa produksyon ng mineral na di-metaliko, pinakamalaki ang
 - A. Asin.
 - B. Uling.
 - C. Buhanging Silika.
 - D. Buhaging Graba.

5. Ito ang itinuturong dahilan ng napakalaking pinsala ng bagyong Winnie at Yoyong noong taong 2004 sa probinsya ng Quezon
 - A. Kaingin
 - B. Pagmimina

- C. Iligal na pagtrotroso
D. Kakulangan ng kagamitang pansagip buhay
6. Ito ay isang halimbawa ng yamang di napapalitan
- | | |
|-----------------|-------------------|
| A. Kagubatan | C. Yamang mineral |
| B. Yamang tubig | D. Yamang pisikal |
7. Ito ay nagpapakita ng kapal ng tao sa bawat kilometro kwadrado
- | | |
|----------------------------|---------------------|
| A. Populasyon. | C. Hukbong paggawa. |
| B. Densidad ng Populasyon. | D. Mamamayan |
9. Pinakamahalga ang mineral na ito bilang mineral na panggatong sa ating bansa:
- | | |
|--------------|-----------|
| A. Uranium | C. Langis |
| B. Plutonium | D. Uling |
9. Anong rehiyon sa Pilipinas ang may pinakamalaking populasyon noong taong 2000 ayon sa NSO?.
- | | |
|----------------------|-----------------------|
| A. NCR | C. Gitnang Luzon |
| B. Timog Katagalugan | D. Kanlurang Visayas. |
10. Ito ay tumutukoy sa pagbuo ng mga panibagong estruktura, planta at kagamitan na pumapalit sa mga lumang estruktura na nawalan na ng pakinabang.
- | | |
|----------------|-------------|
| A. Pamumuhunan | C. Mineral |
| B. Depresasyon | D. Densidad |
11. Ang normal at unti-unting pagkaluma at pagkasira ng yamang pisikal na nagiging dahilan upang bumaba ang naibibigay nitong pakinabang.
- | | |
|----------------|--------------|
| A. Pamumuhunan | C. Implasyon |
| B. Depresasyon | D. Depresyon |

12. Aling Rehiyon sa Pilipinas ang may pinakamataas na densidad na 15,864 ayon sa NSO noong taong 2000?
- A. Gitnang Luzon.
 - B. Lambak ng Cagayan
 - C. Timog Katagalugan
 - D. NCR
13. Ang pinakamalaking bahagi ng yamang lupa ng Pilipinas ay klasipikado bilang:
- A. Agrikultural
 - B. Kagubatan
 - C. Industriyal
 - D. Residensyal
14. Ang responsible sa pagsasama-sama ng mga salik ng produksyon
- A. Manggagawa
 - B. Pamumuhunan
 - C. Entrepreneur
 - D. Lider ng Gobyerno
15. Ito ang dahilan ng atubiling pamumuhunan sa ating bansa
- A. Ang paglobo ng populasyon
 - B. Ang pagtaas ng produktibidad
 - C. Ang paglala ng kalagayang pangkatahimikan
 - D. Ang pagtaas ng dolyar
16. Kailan hindi magiging pabigat sa ekonomiya ang paglobo ng populasyon?
- A. Kapag produktibo ang karamihan
 - B. Kapag may magandang serbisyong panlipunan
 - C. Kapag may magaling na namumuno
 - D. Kapag maraming nangingibang bansa
17. Ito ang pinakamurang pinagkukunan ng enerhiya sa ating bansa
- A. Geothermal
 - B. Langis at gas
 - C. Uling
 - D. Tubig

18. Sa produksyon ng mamahaling metal sa bansa, pinakamalaki ang.
- A. Pilak
 - B. Ginto.
 - C. Chromite
 - D. Copper
19. Nadaragdagan ang kita ng pamahalaan mula industriya ng pagmimina sa pamamagitan ng:
- A. pangungutang ng pamahalaan sa industriya ng pagmimina
 - B. pagbabayad ng buwis mula sa industriya ng pagmimina sa pamahalaan
 - C. Pagpapautang ng mga bangko sa industriya ng pagmimina
 - D. Pagbebenta ng industriya ng pagmimina sa lokal na pamilihan
20. Nagpapasok ng dolyar sa bansa ang industriya ng pagmimina sa pamamagitan ng:
- A. pag-aangkat ng mineral sa ibang bansa
 - B. pagbebenta ng mineral sa lokal na pamilihan
 - C. pagbili ng langis sa mga bansang kasapi sa OPEC
 - D. pagluluwas ng mineral sa ibang bansa



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGSUSULIT:

| | | | |
|------|-------|-------|-------|
| 1. B | 6. B | 11. D | 16. C |
| 2. B | 7. A | 12. D | 17. C |
| 3. D | 8. B | 13. D | 18. A |
| 4. D | 9. B | 14. B | 19. C |
| 5. C | 10. B | 15. C | 20. A |

ARALIN 1 YAMANG NAPAPALITAN AT DI NAPAPALITAN

Gawain 1: Pag-isipan mo!

A.

- | | |
|---------|----------|
| 1. tsek | 6. ekis |
| 2. tsek | 7. ekis |
| 3. ekis | 8. tsek |
| 4. ekis | 9. ekis |
| 5. tsek | 10. tsek |

B.

1. Ang Gawain kanta ay tungkol sa kapaligiran na ating hindi gaanong iniingatan
2. Hindi, ang kailangan ay ang “sustainable development” n gating mga likas na yaman.
3. Sa pamamagitan ng wasto at maingat na paggamit nito.

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaisipan

1. Ang iba pang halimbawa ng yamang napapalitan ay tubig, gulay, bigas, atbp. Ang mga yamang di napapalitan ay binubuo naman ng buhangin, graba, at iba pang mineral.
2. Ang mga yamang napapalitan sa halimbawa ay madaling mapalitan sa madaling panahon samantalang ang huli ay hindi basta napapalitan at maghihintay pa ng mahabang panahon.
3. Kapag napapalitan ang pinagkukunang-yaman, makakatiyak ng suplay ang mga tao, samantalang kung hindi napapalitan, magkakaroon ng kakapusan.
4. Oo, dahil kapag hindi agad napalitan ang pinagkukunang-yaman, lalala ang suliranin sa kakapusan at magdudulot ito ng pagtaas ng presyo.
5. Kailangang tipirin ang paggamit nito upang marami pa ang taong makagamit bago tuluyang maubos.

Gawain 3: Paglalapat

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama

ARALIN 2 ANG YAMANG LUPA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. Batay sa pigura, mahigit kalahati ng lupain ng Pilipinas ay kagubatan. Ang iba ay nahahati sa pansakahan, pinagtatayuan ng mga bahay, gusali, pabrika, at iba pa.

2. Lubos na mapapakinabangan ang yamang lupa sa pamamagitan ng paggamit ng abono upang mapanumbalik ang katabaan nito nang sa ganon ay may magagamit pa ang susunod na salin lahi.
3. Ang mga dahilan ng pagkasira ng kagubatan ng bansa ay ang ilegal na pamumutol ng puno, kalamidad, at pagkakaingin.
4. Makakatulong ako sa pagpapanatiling buhay ng ating mga kagubatan sa pamamagitan ng pagtanim ng puno sa mga bakanteng lupa o pagsama sa proyekto ng pamahalaan ukol sa reporestasyon.
5. Kung ako ai isang mambabatas, ipapanukala ko na bigyan ng proyektong nangangalaga sa kapaligiran ang bawat mag-aaral bago sila makatapos ng pag-aaral.

ARALIN 3 ANG YAMANG MINERAL

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

A.

- | | |
|---------|----------|
| 1. ekis | 6. tsek |
| 2. tsek | 7. tsek |
| 3. ekis | 8. ekis |
| 4. ekis | 9. ekis |
| 5. ekis | 10. tsek |

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaisipan

1. B
2. D
3. C
4. A
5. B

Gawain 3: Paglalapat

1. tsek
2. ekis
3. tsek
4. tsek
5. tsek

ARALIN 4 ANG YAMANG TUBIG

Gawain1: Pag-isipan Mo!

- | | |
|---------------|----------------|
| 1. Makakasama | 6. Makakabuti |
| 2. Makakabuti | 7. Makakasama |
| 3. Makakasama | 8. Makakabuti |
| 4. Makakabuti | 9. Makakasama |
| 5. Makakabuti | 10. Makakasama |

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaisipan

Napansin ko na mula 1997-2001, patuloy na tumataas ang halaga ng produksyong pangisdaan sa bansa.

Ang posibleng dahilan ng paglaki ng halaga ng produksyong pangisdaan ay sa paggamit ng makabagong paraan ng pangisdaan tulad ng malalaking sasakyang pandagat para sa komersyal na pangisngisda.

Ang pagkasira ng yamang-tubig ay maaari ring bunga ng paglaki ng populasyon. Mas mabilis dumami ang tao kumpara sa mga produktong pandagat kaya madali itong nauubos.

Ang patuloy na pagkasira ng yamang-tubig ay magdudulot ng pagkaubos ng pinagkukunang-yaman ng bansa na magbubunga ng malawakang kahirapan ng mga tao.

Makakatulong ako sa pangngalaga ng yamang-tubig sa pamamagitan ng pagtitipid sa paggamit nito, pag-iwas sa pagtatapon ng basura sa ilog at dagat at

paguulatsa awtoridad ng mga lumalabag sa batas ukol sa pangangalaga ng yamang-tubig.

ARALIN 5 ANG YAMANG TAO

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaisipan

1. Batay sa tala ng National Statistics Office noong 2000, ang kabuuang bilang ng populasyon ay umabot sa 76,498,735.
2. Magiging kapaki-pakinabang ang malaking populasyon kung sila ay produktibong mamamayan na may trabaho. Makakasagabal naman ang malaking populasyon sa kaunlaran kung magiging pabigat sila sa lipunan.
3. Ang NCR ang nagtala ng pinakamataas na densidad dahil sa pandarayuhan ng mga nasa pook rural. Maraming tao ang pumupunta sa NCR dahil ito ang sentro at kapital ng Pilipinas. Mas malaki ang pagkakataong makakuha ng kabuhayan dito kumpara sa ibang lugar.
4. Ang CAR ang nagtala ng pinakamaliit na densidad dahil sa bulubundukin ang lugar na ito at kaunti lamang ang mga naninirahan dito.

ARALIN 6 ANG LAKAS NG PAGGAWA

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaisipan

1. Sa pagitan ng taong 2000 at 2001 ay dumadami ang labor force participation rate ng bansa.
2. Sa taong 2000 at 2001, mapapansin na tumaas ang employment rate, samantalang bumaba naman ang mapapasukang trabaho sa taong 2001 kumpara sa 2000.

3. Mahalagang malaman ng pamahalaan ang kalagayang pang-empleyo ng bansa upang mabigyan ng solusyon ang suliranin ng kawalang trabaho sa lalong madaling panahon.

Gawain 3 Paglalapat

- | | |
|---------|----------|
| 1. ekis | 6. tsek |
| 2. tsek | 7. ekis |
| 3. ekis | 8. ekis |
| 4. tsek | 9. ekis |
| 5. tsek | 10. ekis |

ARALIN 7 ANG YAMANG PISIKAL AT PAMUMUHUNAN

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

- | | |
|---------|----------|
| 1. Tama | 6. Mali |
| 2. Mali | 7. Tama |
| 3. Tama | 8. Mali |
| 4. Tama | 9. Mali |
| 5. Tama | 10. Mali |

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaisipan

Kung walang yamang-pisikal, magiging mabagal ang takbo ng buhay ng tao dahil walang mga gamit na magpapabilis at magpapagaan ng kanilang gawain.

Sa pamamagitan ng pamumuhunan ay mapaparami ang yamang kapital.

Nakakasagabal sa kaunlaran ng ekonomiya ang depresasyon dahil ang pagbabawas ng produktibidad ng yamang-pisikal ay pagkabawas rin sa produktong maaaring gawin sa ekonomiya.

Gawain 3: Paglalapat

- | | |
|---------|----------|
| 1. tsek | 6. ekis |
| 2. tsek | 7. tsek |
| 3. tsek | 8. tsek |
| 4. ekis | 9. tsek |
| 5. ekis | 10. ekis |

PANGHULING PAGSUSULIT

- | | | | |
|------|-------|-------|-------|
| 1. D | 6. C | 11. B | 16. A |
| 2. B | 7. B | 12. D | 17. A |
| 3. D | 8. C | 13. B | 18. B |
| 4. D | 9. B | 14. C | 19. B |
| 5. C | 10. A | 15. C | 20. D |